- **Apaya o Aphids** – ito ay nakakapinsala sa mga batang halaman at ito rin ay nagdadala ng virus. Magbomba ng pamatay insekto base sa rekomendadong dami sa kolonya ng mga apaya.



- **Cercospora Leaf Spot** – ito ay sanhi ng amag na tinatawag na *Cercospora* sp. na dumarami tuwing tag-ulan. Ang unang sintomas nito ay ang paglabas ng mga bilog na paltak sa dahon na kulay tsokolate. Gumamit ng mataas na kalidad na binhi o certified seeds. Gumamit ng pamatay amag tulad ng benomyl kasunod ang chlorothalonil; copper based, mancozeb o maneb. Magpraktis ng crop rotation o ang pagpapalit ng tanim ng hindi kauri nito matapos ang isang panahon sa parehong lugar.

## Pag-aani

Ang pag-aani ng mga bunga ay ginagawa ng 2-3 beses sa pamamagitan ng pag-aani gamit ang kamay makalipas ang 60-65 mula nang itanim. Ang potensyal na ani ay 1.0-1.5 mt/ektarya.



## Pag-iimbak

Ang mga iiimbak na munggo na may 12% moisture content (MC) ay pwedeng ilagay sa sako, at itabi ng anim na buwan sa room temperature. Kung mag iimbak ng mas mahaba pa sa anim na buwan, ang MC ng iiimbak na munggo ay dapat 10% at dapat itong ilagay sa lugar na mababa ang temperatura.


Inihanda nina:
**Flora A. Jarilla** / Supervising Agriculturist
**Mercedes L. Dela Cueva** / Agriculturist II
**Eugenia M. Buctuanon** / Agriculturist II
**Netnet B. Deseo** / Project Assistant III

Base sa reference guide na ginawa ni:
**Niña R. Rosales** / Agriculturist II



Mula sa Proyektong pinondohan ng:
**Department of Agriculture**
**Bureau of Agricultural Research**

Support to Quality Seed Production of Field and Vegetable Legumes through Promotion of National Seed Industry Council (NSIC) Varieties in CALABARZON



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat kay:

**HERMINIGILDA A. GABERTAN, Ph.D.**
***Agricultural Center Chief IV***
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research,
Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center



Department of Agriculture
**Bureau of Plant Industry**
**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**


# GABAY SA PAGTATANIM NG MUNGGO



# ANG MUNGGO

## Kahalagahan

Ang munggo o balatong ay taunang halaman at madaling maani na pananim na may 20-25% protina, 48-63% carbohydrates, bitamina at minerals. Ginagamit ito sa intercropping, relay o rotation cropping at green manuring. Nangangailangan ito ng mababang dami ng nitrohino na abono sapagkat nagtataglay ito ng nitrogen fixing bacteria sa nodules ng ugat. Ito rin ay alternatibong pagkain sa manok at baboy.

## Gamit

Ang munggo ay ginagamit sa pagluluto ng iba't-ibang panghanda bilang pang-ulam na gulay, snacks at desserts. Ito rin ang ginagamit na sangkap sa paggawa ng sotanghon.

## Makukuhang Barayti

- NSIC Mg 11 (Kintab)
- NSIC Mg 14 (Kulabo)
- NSIC Mg 17 (Mabunga 4)
- NSIC Mg 19 (Luntian 1)
- NSIC Mg 20 (Luntian 2)
- NSIC Mg 21 (Luntian 3)



**NSIC Mg 19**



**NSIC Mg 20**



**NSIC Mg 21**

# PAGTATANIM AT PAG-AALAGA

## Paghahanda ng lupang tataniman

- Ihanda ang lupang tataniman na madaling matuyo at mabuhangin na lupa na may pH 5.5-6.2.
- Araruhin at suyurin ang lupa ng 2-3 beses upang maging maganda ang pagsibol ng mga buto at makontrol ang pagsibol ng damo.
- Gumawa ng tudling na may sukat na 50-60 sentimetro na agwat bawat tudling at may lalim na 4-5 sentimetro.

## Pagtatanim

- Ang munggo ay pwedeng itanim sa panahon ng tag-ulan (Mayo-Hunyo), tag-araw (Setyembre-Oktubre) at huling tag-araw (Pebrero-Marso).
- Ibudbod ang 15-18 na buto kada linear meter o 18-20 kilo/ektarya na may distansyang 50-60 sentimetro bawat tudling.

## Paglalagay ng abono

Maglagay ng 3-4 sako/ektarya na abono (complete fertilizer [14-14-14]) sa panahon ng pagtatanim.



## Pag-aalis ng damo at Paglilinang

Ang mababaw na pagtatastas ay gagawin sa ikalawang linggo pagkatapos magtanim at susundan ng paggagamas. Ang pagtatabon naman ay gagawin sa ikaapat na linggo pagkatapos magtanim. Ang paggamit ng herbicide o pamatay damo kasabay ng paggagamas ay epektibo sa malakihang produksyon.



## Pagkontrol sa Peste at Sakit

- **<u>Bean fly</u>** – ito ay pinaka mapaminsala tuwing vegetative stage. Magbomba ng pamatay insekto base sa rekomendadong dami makalipas ang 1-2 araw pagkasibol ng mga buto. Inirerekomenda rin ang paggamit ng biological control tulad ng *Trichogramma*. Ito ay nilalagay sa daming 200 strips kada ektarya. Ang paglalagay ay tuwing isang linggo simula sa ikapitong araw pagkatapos sumibol ang mga buto hanggang sa ikaapatnapung araw.